

Proyektong Pang-kaligtasan sa Martin Luther King Jr Way

Paglalarawan ng Proyekto

Ang planong ito ay gagawing mas ligtas para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta o nagmamaneho. Gagawin din nitong mas madaling bumiyahе sa pagitan ng dalawang istasyon ng tren: Mount Baker at ang hinaharap na istasyon ng Judkins Park. Narito ang ilang bagay na mangyayari kapag tapos na ang gagawin:

- Ang daanan ng bisikleta ay mas ligtas at mas komportable para sa lahat ng sasakay dito
- Ang plano ay magkokonekta ng iba't ibang mga dinaraan at mga kalye upang ang mga tao ay makakapagbiyahe nang ligtas
- Maaring gamitin ng mga tao sa lahat ng edad at antas ng galing ang ruta ng bisikleta upang makabiyahe sa mga lugar na ito:
- Ang daanan ng bisikleta sa I-90
- Ang Mount Baker Station at ang hinaharap na Judkins Park Station (na dapat ay bukas na sa tagsibol 2025)
- Ang North Ranier Valley Neighborhood Greenway.

Mga elemento ng proyekto

- MLK Jr Way S ay magkakaroon ng mga protektadong daanang pambisikleta sa magkabilang tabi ng kalsada.
- Ang kalsada ay muling ididisenyo upang gawin itong mas ligtas para sa lahat nang gagamit nito.
- Makakatulong ang mga pagbabago sa paradahan na lumikha ng mga espasyo para sa mga daanang pambisikleta nang hindi makakasakit sa mga lokal na negosyo.
- Ang mga marka sa kalsada ay babaguhin muli para gawin na mas ligtas ang mga bagay.
- Ang mga naglalakad ay magiging mas ligtas din! Ang mga bangketa ay magiging mas malapad at magkakaroon ng mas maraming mga tawiran.

Gumagawa kami ng bagong daanan ng bisikleta at mas ligtas na kalsada!



www.seattle.gov/transportation/MLKSafety

Mga Benepisyo

Ang MLK Way Safety Project ay makakatulong sa komunidad sa dalawang mahalagang paraan:

1. Pag-uugnay sa mga tao sa transit at mga paaralan:
 - Ang proyektong ito ay gagawing mas madaling mapuntahan ang mga estasyon ng light rail, ang I-90 trail, Franklin High School, at Mount Baker Metro Transit Center.
 - Ang I-90 trail ay mahalaga sapagkat kinokonekta nito ang Timog-silangang Seattle sa downtown at ibang mga lugar sa rehiyon.
2. Gawin na ang MLK Jr Way S ay mas ligtas para sa lahat:
 - Sa ngayon, maraming mga banggaan sa bahagi ng kalsadang ito. Masyadong mabilis magpatakbo ang mga tao, merong mga harap-harapan na banggaan, at mga gilid-ng-kalsadang mga banggaan din.
 - Gagawin ng proyekto na maging mas ligtas ang MLK Jr Way S para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, gumugulong at nagmamaneho.
 - Sa pamamagitan ng pagbabago sa disenyo ng kalsada, magiging mas madali para sa mga tao na mahulaan kung ano ang gagawin ng iba at gagawin ang pagbibiyahе dito na mas komportable para sa lahat.

Iskedyul

Mayo 2020: Piliin ang gustong alternatibo

Unang bahagi ng 2021: 30% Disenyo

Tagsibol 2021: 60% Disenyo

Tagsibol 2023: Panghuling Disenyo

Taglagas 2023: Simulan ang Konstruksyon

Pumuntahan ang website ng proyekto para matutunan nang higit pa at makakuha ng mga napapanahong balita sa kung ano ang nangyayari sa proyekto.

Pagpopondo

Ang proyektong ito ay pinopondohan ng Vision Zero na programa, Bicycle Master na Plano, Accessible Mount Baker na Proyekto, Connecting Washington Grant, at ng 9-year Levy to Move Seattle. Matutunan ng higit pa tungkol sa levy sa www.seattle.gov/LevytoMoveSeattle.

IMPORMASYON NG PROYECTO at ANG MGA MATATAWAGAN

Ching Chan, Pinuno ng Pakikipag-ugnayan sa Publiko
 Telepono: (206) 900-8728
 Email: MLKWay@seattle.gov



Seattle
 Department of
 Transportation



Ipinapakita ng mapang ito ang mga pagbabagong gusto naming gawin sa MLK Jr Way S upang gawin itong mas mabuti para sa mga bisikleta at mas ligtas para sa lahat.

